令和７年度 ＜全日・定時・通信制＞

# 神奈川県高校生等奨学給付金（家計急変世帯対象給付・国公立）

**授業料以外の教育費を支援する<u>返還不要</u>の給付金<u>（申請必要）</u>**

**家計急変により保護者全員の年収見込が非課税相当となった世帯が対象**

## １ 申請できる方　次の要件のすべてを満たすことが必要です。

**⑴ 家計急変による経済的理由により、保護者全員の年収見込が住民税所得割非課税相当になったと認められること。**

**＜住民税所得割非課税に相当する年収見込＞**　9名扶養以上の場合はお問合せください。

| 扶養人数 | 0名扶養 | １名扶養 | １名扶養<br>※ひとり親世帯 | 2名扶養 | 3名扶養 |
|---|---|---|---|---|---|
| ①個人事業者 | 450,000円以下 | 1,120,000円以下 | 1,350,000円以下 | 1,470,000円以下 | 1,820,000円以下 |
| ②給与所得者 | 1,000,000円未満 | 1,704,000円未満 | 2,044,000円未満 | 2,216,000円未満 | 2,716,000円未満 |
| 扶養人数 | 4名扶養 | 5名扶養 | 6名扶養 | 7名扶養 | 8名扶養 |
| ①個人事業者 | 2,170,000円以下 | 2,520,000円以下 | 2,870,000円以下 | 3,220,000円以下 | 3,570,000円以下 |
| ②給与所得者 | 3,216,000円未満 | 3,704,000円未満 | 4,140,000円未満 | 4,576,000円未満 | 5,016,000円未満 |

- 保護者が複数いる場合は、それぞれの保護者について年収見込を確認してください。
- 個人事業者は、家計急変後の年収見込（売上－必要経費）が①に該当すること。
- 給与所得者は、家計急変後の年収見込（通勤手当を除く給与収入）が②に該当すること。
- <u>保護者全員の令和7年度の住民税の所得割が非課税である世帯</u>、または令和7年7月1日現在、対象となる高校生等が<u>生活保護（生業扶助）を受給している世帯は通常給付でお申込みください。</u>

**⑵ 保護者の方が認定基準日に神奈川県内に住所を有していること。**

- 神奈川県外在住の場合は、お住まいの都道府県へお問合せください。

**Pang-Taon 2025** **＜Full-time/Part-time/Correspondence＞**

# Scholarship Grant para sa mga estudyante sa High School sa Kanagawa Prefecture

**(Benepisyo para sa sambahayang may biglaang pagbabago sa kita / Pambansa at Pampubliko)**

**Benepisyong hindi kailangang isauli, upang masuportahan ang mga gastusin sa pag-aaral maliban sa tuition fee (kailangan ng aplikasyon)**
**Para sa mga pamilya na ang tinatayang taunang kita ng lahat ng tagapangalaga ay naging katumbas ng tax-exempted dahilan sa biglaang pagbabago sa kita**

## 1 Mga maaaring mag-apply
Kinakailangang makatugon sa lahat ng sumusunod na kwalipikasyon.

**(1) Mga mapapatunayang ang estimate o tinatayang taunang kita ng lahat ng tagapangalaga ay katumbas ng sa tax-exempted sa resident tax per-income dahil sa pang-ekonomiyang kadahilanan gawa ng biglaang pagbabago sa kita ng pamilya.**

**＜Tinatayang taunang kita ng pamilyang tax-exempted sa resident tax per-income basis＞**

Magtanong lamang kung lampas sa 9 na katao ang dependent o sinusustentuhan.

| Bilang ng Dependent | 0 Dependent | 1 Dependent | 1 Dependent ※ Pamilyang isa lang ang magulang | 2 Dependent | 3 Dependent |
|---|---|---|---|---|---|
| ①Sole proprietor | 450,000 yen pababa | 1,120,000 yen pababa | 1,350,000 yen pababa | 1,470,000 yen pababa | 1,820,000 yen pababa |
| ② Salaried worker | walang 1,000,000 yen | walang 1,704,000 yen | walang 2,044,000 yen | walang 2,216,000 yen | walang 2,716,000 yen |

| Bilang ng Dependent | 4 na Dependent | 5 Dependent | 6 na Dependent | 7 Dependent | 8 Dependent |
|---|---|---|---|---|---|
| ①Sole proprietor | 2,170,000 yen pababa | 2,520,000 yen pababa | 2,870,000 yen pababa | 3,220,000 yen pababa | 3,570,000 yen pababa |
| ② Salaried worker | walang 3,216,000 yen | walang 3,704,000 yen | walang 4,140,000 yen | walang 4,576,000 yen | walang 5,016,000 yen |

- Kung mahigit sa isa ang tagapangalaga, tiyakin ang tinatayang taunang kita ng bawat tagapangalaga.
- Sa mga sole proprietor o may-ari ng maliit na negosyo, kailangang tumutugma sa ① ang tinatayang taunang kita (mga kinita menos kinailangang gastos) matapos ang biglaang pagbabago sa kita ng pamilya.
- Sa kaso ng mga salaried worker o suwelduhan lamang, kailangang tumutugma sa ② ang tinatayang taunang kita (mga suweldo na hindi kasama ang transportation allowance) matapos ang biglaang pagbabago sa kita ng pamilya.
- Ang mga pamilya na tax-exempted sa resident tax per-income pang Taon 2025 ang lahat ng tagapangalaga, o kaya'y ang pamilya ng kwalipikadong estudyante sa high school atbp. na tumatanggap ng Suporta sa Pamumuhay (Occupational Assistance) mula nitong July 1, 2025 at kasalukuyan ay mag-aplay sa karaniwang aplikasyon.

**(2) Ang magulang o tagapangalaga ay may tirahan sa loob ng Kanagawa Prefecture nitong kinikilalang batayang araw.**

- Kung nakatira sa labas ng Kanagawa Prefecture, magtanong lamang sa inyong munisipalidad o prepektura.

### ⑶ 対象となる高校生等が認定基準日に高等学校等に在籍していること。

- 高校生等とは、就学支援金又は学び直し支援金の受給資格を有する生徒です。
- 高校生等に生活保護（生業扶助）が措置されている場合は支給対象外となります。
- 高校生等が児童福祉施設（母子生活支援施設を除く。）に入所又は里親に養育されており、見学旅行費又は特別育成費が措置されている場合は支給対象外となります。
- 高等学校等とは、高等学校（別科を除く。）、中等教育学校（後期課程）、高等専門学校（第1学年から第3学年まで）、専修学校及び各種学校のうち高等学校の課程に類する課程を置くものをいいます。

> ◆ 認定基準日
>
> ・ 令和7年7月1日以前に家計が急変した場合は、令和7年7月1日が認定基準日となります
>
> ・ 令和7年7月2日以降に家計が急変した場合は、家計が急変した月の翌月（家計が急変した日が月の初日である場合は、家計が急変した月）の1日が認定基準日となります。

## 2 申請期限 令和7年12月15日（月）

※ 審査がありますので、お早めにご申請下さい。

- 高校生等を複数扶養している場合は、それぞれの高校生等について申請が必要です。

## 3 支給時期 申請した月の2か月後の末頃を予定 (例)7月申請⇒9月末頃支給

- 申請が集中した場合は、支給時期が遅くなる場合があります。

## 4 申請書提出先 認定基準日現在に在学する（していた）学校の事務室

- 神奈川県外の国公立学校に在学の場合は、申請書裏面に学校の証明を受けた後、直接、**神奈川県教育委員会財務課高校奨学金グループ 〒231-8588 横浜市中区日本大通1**
**045-210-8251（直通）**へ申請してください。

## 5 支給条件 授業料以外の教育費に係る費用に対して支給します

- **授業料以外の教育費に係る費用に対して支給します**ので、この費用に未済がある場合は、奨学給付金支給額を未済額に充当します。

  ※ 授業料以外の教育費の例：教科書費、教材費、学用品費、通学用品費、校外活動費、生徒会費、PTA会費、入学用品費、修学旅行積立金等
- 授業料以外の教育費に係る費用で未済がないことについて学校長の確認が必要となります。

**(3) Ang kwalipikadong estudyante sa high school ay kailangang pumapasok sa high school atbp. nitong kinikilalang batayang araw.**

- Ang estudyante sa high school atbp. ay mga estudyanteng may kwalipikasyong tumanggap ng Tulong-Pantustos para sa pag-aaral sa high school atbp. o Tulong-Pantustos para sa muling pag-aaral.
- Hindi kwalipikado sa benepisyo kung ang estudyante sa high school atbp. ay tumatanggap ng Suporta sa Pamumuhay (Occupational Assistance).
- Hindi kwalipikado dito ang mga estudyanteng nasa pasilidad ng kapakanan ng mga bata (maliban sa pasilidad na sumusuporta sa mga ina at anak) o mga nasa pangangalaga ng kanilang foster parents, at mga tumatanggap ng suporta sa mga gastusin sa field trip o espesyal na pagsasanay.
- Ang Kōtō Gakkoutō (High School atbp.) ay paaralang High School (maliban sa ibang mga kurso), Secondary Education School (Huling Kurso), Specialized High School (mula 1st hanggang 3rd school year), Vocational School at iba pang paaralan na may kursong katumbas ng mga kurso sa high school.

◆ KINIKILALANG BATAYANG ARAW

- Kapag nagkaroon ng biglaang pagbabago sa kita ng pamilya bago mag July 1, 2025, ang kinikilalang batayang araw nito ay July 1, 2025.
- Kapag nagkaroon ng biglaang pagbabago sa kita ng pamilya mula July 2, 2025, ang kinikilalang batayang araw ay sa unang araw ng susunod na buwan makalipas ang pagbabago (kung ang biglaang pagbabago sa kita ay nangyari sa umpisa ng buwan, ang kinikilalang batayang araw ay sa buwan na nangyari ang pagbabago).

## 2 Panahon ng aplikasyon　Dec. 15, 2025 (Mon)

※ May screening kaya't mag-aplay lamang habang maaga.

- Sakaling mahigit sa isa ang sinusustentuhang estudyante sa high school atbp., kinakailangan ang aplikasyon ng bawat estudyante.

## 3 Panahon ng pagtanggap ng benepisyo

Naka-schedule sa katapusan ng ikalawang buwan mula aplikasyon.

(Hal.) nag-aplay ng July ⇒ naka-schedule tumanggap sa katapusan ng September

- Maaaring matagalan sa pagtanggap ng benepisyo kapag maraming nag-aplay

## 4 Lugar ng aplikasyon　Sa opisina ng paaralang papasukan (o pinapasukan) sa kinikilalang batayang araw nito

- Sakaling papasok sa pambansa o pampublikong paaralan sa labas ng Kanagawa Prefecture, matapos palagyan ng sertipikasyon ng paaralan ang likuran ng application form, mag-aplay ng direkta sa **High School Scholarship Grant Group, Finance Division ng Kanagawa Prefectural Board of Education (Kyouiku Iinkai Zaimu-ka Kouko Shougakukin Group)**
**(1 Nihon-Oodori, Naka-ku Yokohama-shi 〒231-8588)**　☎ **045-210-8251（direct line）**

## 5 Mga kundisyon sa benepisyo

Magbibigay ng tulong sa mga gastusing may kinalaman sa pag-aaral maliban sa matrikula

- **Magbibigay ng tulong sa mga gastusing may kinalaman sa pag-aaral maliban sa tuition fee,** kaya kung may hindi pa nababayarang bayarin sa paaralan, ang halaga ng benepisyo ng Scholarship Grant ay ilalaan sa mga balanse sa paaralan.
  ※ Halimbawa ng mga gastusin sa pag-aaral maliban sa tuition fee: bayad sa textbook, learning materials, school supplies, gamit sa pagpasok/pag-commute sa paaralan, off-campus activities, student's council fee, PTA member's fee, gamit sa enrollment, koleksyon para sa school trip at iba pang bayarin
- Kakailanganin ang kumpirmasyon ng prinsipal ng paaralan upang matiyak kung may hindi pa nababayarang bayarin sa mga gastusing may kinalaman sa pag-aaral.

## 6 支給額

- 世帯区分、在学する学校の課程及び家計急変の発生した日により支給額が異なります
- 「対象者及び給付額確認シート」を参照してください

● **対象となる高校生等１人あたりの給付額（※）**

※ 7月2日以降に家計急変した場合は、認定基準日以降の月数に応じた月割額

| 世帯区分 | 全日制・定時制 | 通信制 |
|---|---|---|
| 非課税世帯 | 143,700円 | 50,500円 |

## 7 提出書類

- (1)～(6)に記載してある書類を提出してください
- 提出前に漏れや必要書類の漏れがないことを確認してください
- 不備があると支給が遅くなります

**(1) 高校生等奨学給付金(家計急変)受給申請書(第1号様式の2)**

**(2) 振込先口座を確認できる書類（預貯金通帳のコピー等）**

● 振込先口座の金融機関名、支店名、預金種別(普通口座又は貯蓄口座)、口座番号及び口座名義人(カナ)がわかる部分の通帳のコピー等を提出してください。

※ 通帳の表紙の裏に記載されていることが多いです。

**(3) 保護者等の家計急変の発生事由を証明する書類(①は必須②は一部必須)**

① **家計急変理由書(様式A)**

② **様式Aの記載内容を確認するための書類(以下のとおり、コピー可)**

| No | 家計急変理由 | 必要書類 |
|---|---|---|
| 1 | 給与所得者で離職・解雇（定年退職の場合を除く） | 離職票、雇用保険受給資格者証、解雇通知書のいずれか(必須) |
| 2 | 個人事業者で事業の廃業 | 廃業等届出、破産宣告通知書のいずれか(必須) |
| 3 | 給与所得者で収入減 | 減額通知書等(会社から交付されている場合のみ) |
| 4 | 個人事業主で収入減 | 公的支援の受給証明書(収入減少があった者を対象とした公的支援を受けている場合のみ。例:持続化給付金や家賃支援給付金等の給付通知書) |
| 5 | 親権者の離婚・死別等 | 戸籍全部事項証明書(戸籍謄本)、戸籍個人事項証明書(戸籍抄本)、離婚届受理証明書のいずれか(必須) |

## 6 Halaga ng benepisyo

・Magkakaiba ang halaga ng benepisyo ayon sa dibisyon ng sambahayan, kurso sa papasukang paaralan at kung nagkaroon ng biglaang pagbabago sa kita ng sambahayan.
・Tingnan sa "Confirmation Sheet ng mga kwalipikado at halaga ng benepisyo"

● **Halagang matatanggap ng 1 kwalipikadong estudyante sa High School atbp.** （※）

※ Kung nagkaroon ng biglaang pagbabago sa kita ng sambahayan magmula July 2, ang buwanang halaga ay ibabase sa bilang ng buwan magmula sa kinikilalang batayang araw nito.

| Dibisyon ng Sambahayan | Zennichisei / Teijisei | Tsushinsei |
|---|---|---|
| Pamilya na tax exempted | 143,700 yen | 50,500 yen |

## 7 Mga isasabmit na papeles

・Isabmit ang mga papeles na nakasulat sa (1)～(6)
・Bago magsabmit, tiyaking walang mali o nakalimutan sa mga sinagutan o kailangang papeles
・Matatagalan sa pagtanggap ng benepisyo kapag may kakulangan

**(1) Application Form para makatanggap ng High School Scholarship Grant (may biglaang pagbabago sa kita) (2 ng Form 1)**

**(2) Papeles kung saan matitiyak ang bank-transfer account (kopya atbp. ng libreta sa banko)**

● Isabmit ang kopya atbp. na bahagi ng bankbook kung saan makikita ang pangalan ng banko o financial institution na gagamitin sa transaksyon, branch, uri ng deposito (savings o investment account), numero ng bank account at pangalan ng may-ari ng account (nakasulat sa Katakana).

※ Madalas na nakatala sa likod ng cover ng bankbook.

**(3) Papeles na magpapatunay ng biglaang pagbabago sa kita ng tagapangalaga atbp. (kinakailangan ang ①, at kailangan ang isa sa ②)**

① **Dahilan ng biglaang pagbabago sa kita (Form A)**

② **Papeles na matitiyak ang nakatala sa Form A (gaya ng nasa ibaba, maaari ang kopya)**

| No | Dahilan ng biglaang pagbabago sa kita | Mga kailangang papeles |
|---|---|---|
| 1 | Salaried worker na nagbitiw sa trabaho / natalsik sa trabaho (hindi kabilang ang mga nagretiro) | Alinman sa liham ng pagbibitiw, sertipiko ng kwalipikasyon sa seguro sa trabaho, notice na natalsik sa trabaho (kinakailangan) |
| 2 | Sole proprietor na nagsara ng negosyo | Alinman sa report na nagsara ang business, notice na nagdeklara ng bankruptcy (kinakailangan) |
| 3 | Salaried worker na lumiit ang kita | Notice ng halagang ibinawas (mga inisyu lamang mula sa kumpanya) |
| 4 | Sole proprietor na lumiit ang kita | Sertipikasyon na tumatanggap ng suportang pampubliko (para lang sa mga tumatanggap ng suportang pampubliko dahil sa pagbaba ng kita<br>halimbawa: notice ng tinanggap na benepisyo gaya ng suporta para sa pagpapanatili o suporta sa renta atbp.) |
| 5 | Ang taong may awtoridad bilang magulang ay nagdiborsyo o namatay atbp. | Alinman sa Sertipikasyon ng Family Register na nakatala ang lahat (*Koseki Touhon*), Sertipikasyon ng Abstract of the Family Register na nakarehistro ang indibidwal (*Koseki Shouhon*), Sertipikasyon ng Acceptance of Divorce {*Rikon Todoke Jurisho*} (kinakailangan) |

**⑷　家計急変前の収入を証明する書類（①～③のいずれか）**

**①　令和7年度　市町村民税・県民税　課税証明書の原本又はコピー**

**②　令和7年度　市町村民税・県民税　特別徴収税額通知書のコピー**

**③　令和7年度　市町村民税・県民税　税額決定・納税通知書のコピー**

※　保護者全員分の書類が必要です。

**⑸　家計急変後の収入を証明する書類（①・②のいずれか）**

①　給与所得者で収入減の場合（ア・イのいずれか）

ア　**勤務先作成の給与見込（給与証明書（様式B）又は勤務先の様式）**

※　賞与の支給の有無と令和7年の賞与支給見込も記載してください。

イ　**給与明細の写し　＋　令和7年分の賞与支給（見込）申出書（様式C）**

※　支給済の賞与がある場合は賞与明細の写しも添付してください。

②　個人事業者で収入減の場合（ア・イのいずれか）

ア　**税理士又は公認会計士の作成した証明書類**

イ　**収入申告書（様式D）**

※　必要経費内訳のわかるものの写しを添付してください。

※　①・②は、離婚後の親権者が給与所得者、個人事業主の場合も含みます。

※　**家計が急変した後の連続した3か月分（申請時点で事由が発生してから4か月以上経過している場合、申請月の前3か月分）**の証明が必要です。

（例１）　家計が急変した月：５月　　⇒５月分～７月分

（例２）　家計が急変した月：11月　　⇒11月分～１月分

収入証明書類が12月15日以降にしか用意できない場合は、用意でき次第ご提出いただきます。

※　離職・解雇・廃業・離婚・死別により家計急変後の収入がない場合、その旨を**様式Aの申立欄**に記載してください。

**※　令和7年度の住民税所得割が非課税である保護者の収入証明書類は提出不要です。**

**⑹　保護者等の扶養親族の人数・年齢を確認するための書類（①・②必須）**

**①　扶養誓約書（様式Ｅ）**

※　扶養者1名ごとに1枚作成してください。

（例）４人世帯で父が第1子を扶養、母が第2子を扶養している場合

⇒父で1枚、母で1枚

**②　様式Ｅの記載内容を確認するための書類（ア～イのいずれか）**

ア　**扶養親族の記載が省略されていない課税証明書（コピー可）**

※　⑷で提出した書類で確認できる場合は、重複して提出する必要はありません。

イ　**令和6年分の源泉徴収票のコピー**

**(4) Papeles na magpapatunay ng kinikita bago ang biglaang pagbabago sa kita (alinman sa ①～③)**

① **Kopya ng sertipikasyon ng municipal at prefectural resident tax pang Taon 2025**

② **Kopya ng city/town/village resident tax / prefectural resident special tax collection notice pang Taon 2025**

③ **Kopya ng city/town/village resident tax/prefectural tax assessment decision / notice of tax payment pang Taon 2025**

※ Kailangan ang papeles ng lahat ng tagapangalaga

**(5) Papeles na magpapatunay ng kinikita matapos ang biglaang pagbabago sa kita (alinman sa ①～②)**

① Sakaling salaried worker na lumiit ang kita (alinman sa ア o イ)

ア **Papeles ng tinatayang sahod mula sa kumpanya (sertipikasyon ng sahod (Form B) o Form ng pinagtatrabahuhan)**

※ Ipatala din kung may bonus o wala pati ang tinatayang bonus na tatanggapin sa Taon 2025.

イ **Kopya ng payslip + Aplikasyon (Form C) ng tatanggaping bonus (estimate) pang Taon 2025**

※ Kapag natanggap na ang bonus, ilakip din ang kopya ng payslip niyon.

② Sakaling sole proprietor na lumiit ang kita (alinman sa ア o イ)

ア **Mga sertipikasyon na ginawa ng tax accountant o CPA**

イ **Income declaration (Form D)**

※ Ilakip ang kopya ng papeles na makikita ang breakdown ng mga kinakailangang gastusin.

※ Sa ①～② ay kabilang din ang mga kaso kung saan ang taong may awtoridad bilang magulang pagkatapos ng diborsyo ay salaried worker o sole proprietor.

※ Kailangan ang sertipikasyon ng **3 buwang magkakasunod matapos mangyari ang biglaang pagbabago (kung sa oras ng aplikasyon ay 4 na buwan mahigit na ang nakalipas mula ng nangyari ang pagbabago, 3 buwan bago ang buwan ng aplikasyon)**.

Hal. 1) Buwan ng biglaang pagbabago: May ⇒ pang May～July

Hal. 2) Buwan ng biglaang pagbabago: Nov. ⇒ pang Nov.～Jan.

Kung paglipas pa ng Dec.15 maihahanda ang sertipikasyon ng kita, mangyaring isabmit ito sa sandaling maihanda ang papeles.

※ Sakaling walang sahod makalipas ang biglaang pagbabago sa kita dahil nagbitiw sa trabaho, tinanggal sa trabaho o nagsara ang business, nagdiborsyo o namatay, isulat iyon sa **kolum ng petisyon sa Form A**.

※ **Ang tagapangalaga na walang babayarang buwis sa resident tax pang Taon 2025 ay hindi na kailangang magsabmit ng sertipikasyon ng kita.**

**(6) Bilang ng pamilyang sinusustentuhan ng tagapangalaga atbp. at mga papeles na matitiyak ang edad (kinakailangan ang ① at ②)**

① **Panunumpa sa sinusustentuhan (Form E)**

※ Isang papeles sa bawat isang tao na sinusustentuhan ang gawin.

(Hal.) Sa pamilya ng 4 na katao, kung dependent ng ama ang unang anak, at dependent ng ina ang pangalawang anak ⇒ 1 papeles sa ama, 1 papeles sa ina

② **Papeles na matitiyak ang nakatala sa Form E (alinman sa ア～イ)**

ア **Tax certificate na nakasulat ang mga sinusustentuhang pamilya (maaari ang kopya)**

※ Kung matitiyak ito sa isinabmit na papeles sa (4), hindi na kailangang magsabmit ng doble.

イ **Kopya ng witholding tax pang Taon 2024**

# 高校生等奨学給付金（家計急変世帯対象給付）対象者及び給付額確認シート

## High School Scholarship Grant (Benepisyo para sa sambahayang may biglaang pagbabago sa kita) Confirmation Sheet ng mga kwalipikado at halaga ng benepisyo

Ｑ１．認定基準日現在、保護者の方は神奈川県内にお住まいですか？

Nitong kinikilalang batayang araw at kasalukuyan, nakatira ba ang tagapangalaga sa Kanagawa Prefecture?

Oo → Ｑ２,　Hindi → A1

Ｑ２．認定基準日現在、高校生等は学校に在籍していますか？

Nitong kinikilalang batayang araw at kasalukuyan, pumapasok ba sa paaralan ang estudyante sa high school?

Oo → Ｑ３,　Hindi → A2

Ｑ３．認定基準日現在、高校生等は生活保護（生業扶助）を受けていますか？

Nitong kinikilalang batayang araw at kasalukuyan, tumatanggap ba ng Suporta sa Pamumuhay (Occupational Assistance) ang estudyante sa high school?

Oo → A3,　Hindi → Ｑ４

Ｑ４．保護者全員の令和７年度の都道府県民税所得割額と市町村民税所得割額の合算額は０円（非課税）ですか？

Ang lahat ba ng tagapangalaga ay zero yen (tax-exempted) sa kanilang kabuuang halaga ng Prefectural at City/town/village resident tax per-income pang Taon 2025?

Oo → A3,　Hindi → Ｑ５

Ｑ５．家計急変により保護者全員の年収見込が非課税相当となりましたか？

Dahilan sa biglaang pagbabago sa kita ng sambahayan, ang tinatayang taunang kita ba ng lahat ng tagapangalaga ay mai-exempt sa buwis?

Oo → A4,　Wala → A2

**A1．都道府県ごとに制度が異なります**ので、お住まいの都道府県にお問合せください。

Magkakaiba ang sistema ng bawat prefecture, magtanong lamang kaagad sa local office ng lugar na tinitirahan.

**A2．** 該当しません。

Hindi naaangkop.

**A3．** 家計急変世帯に該当しませんが、通常給付の申請が可能※です。

※生活保護世帯は、令和７年７月１日現在、生活保護（生業扶助）を受けている場合に限ります。

Hindi naaangkop sa pamilyang may biglaang pagbabago sa kita, subalit maaaring※ mag-aplay sa karaniwang benepisyo.

※ Ang pamilyang may Suporta sa Pamumuhay ay mga tumatanggap lamang ng Suporta sa Pamumuhay (Occupational Assistance) nitong July 1, 2025 at kasalukuyan.

**A4．** 高校生等が認定基準日時点で在籍している課程に応じて、給付額が異なります。

Nag-iiba ang halagang matatanggap ayon sa kursong pinapasukan ng mga estudyante sa high school atbp. noong kinikilalang batayang araw nito.

| | |
|---|---|
| （国公立） | (Pambansa at Pampubliko) |
| ・全日制：143,700円 | ・Zennichisei : 143,700 yen |
| ・定時制：143,700円 | ・Teijisei : 143,700 yen |
| ・通信制： 50,500円 | ・Tsūshinsei : 50,500 yen |
| （私立） | (Pribado) |
| ・全日制：152,000円 | ・Zennichisei : 152,000 yen |
| ・定時制：152,000円 | ・Teijisei : 152,000 yen |
| ・通信制： 52,100円 | ・Tsūshinsei : 52,100 yen |

◆上記の単価は年額の例です。７月２日以降に家計急変した場合は、認定基準日以降の月数に応じた月割額となりますので上記の単価とは異なります。

◆ Ang halaga ng unit na nakasaad sa itaas ay halimbawa lamang ng taunang halaga. Kung nagkaroon ng biglaang pagbabago sa kita ng sambahayan mula July 2, ang buwanang halaga ay ibabase sa bilang ng buwan magmula sa kinikilalang batayang araw nito, kaya't magkaiba ang halaga ng unit na nasa itaas.